Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

JUBILEE 2025 PILGRIMS OF HOPE

PATNUBAY SA MISA

2 Marso 2025 | Ika-8 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

Punong Alagad na Hitik ng Bunga

Tagos sa puso ang nilalaman ng mga pagbasa ngayon. Tinutumbok nito ang mapagmahal na tungkulin ng bawa't Kristiyano na ilagay sa tama ang mali. Ang pagtutuwid sa mga kamalian ng ating kapwa ay mabuti at isang gawain hatid ng pag-ibig. Nguni't ito ay isa sa mga pinakamahirap gawin. Una sa lahat, dapat iayos muna ng magtutuwid ang kanyang sariling buhay. Paano ka nga naman magtutuwid kung kapintas-pintas din naman ang iyong sariling buhay? Pangalawa, kailangang hanapin ang pinakamabisang paraan ng pagtutuwid – yaong paraang tatanggapin ng taong itinutuwid. Tayong lahat ay katulad ng puno na dapat lamang asahang magbunga nang hitik, at magbunga nang mabuti. Bilang mga alagad ni Kristo, tayo ba ay matataguriang mabuting puno na nagbubunga rin ng maganda at kaaya-aya para sa lahat?



PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa aki'y ang nag-iingat ay Panginoong matapat. Ako'y kanyang iniligtas sa panganib na mabihag. Mahal n'ya ako sa lahat.

(Sal 18:18-19)

Pagbati

***P*–** Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*– Amen!**

***P*–** Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang.*(Manahimik sandali.)*

***P* –**Panginoon, ang panawagan Mo sa amin ay ang tahakin ang landas ng kabutihan at kabanalan.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoon, patuloy Mo kaming inaakay sa landas na naghahatid sa kapayapaan. Kristo, kaawaan mo kami.

***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoon, walang sawa ang Iyong pang-unawa at habag sa taong naliligaw ng landas, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*– Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong maitaguyod ang sanlibutan sa matiwasay na pag-iral ayon sa layunin mo para sa aming kapakanan sa pagsamba sa iyo nang may panatag na kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – **Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Sir 27:4-7***

Sa salitang namumutawi sa bibig namamalas ang kalooban ng tao. Sa kakayahang magsalita nang maayos nasusubok ang kabutihan ng tao. Sa Aklat ni Sirak ang pagsasalita ay itinuturing na bunga at ang kalooban ay ang punong pinanggagalingan nito.

L – Pagbasa mula sa Aklat ni Sirak

Pag niliglig mo ang bistay, maiiwan ang magaspang; pag ang tao'y nagsalita, kapintasa'y lumilitaw. Ang gawa ng magpapalayok ay sa hurno nasusubok, ang pagkatao ng sinuma'y makikita sa usapan. Sa bunga ng punongkahoy nakikilala ang ginagawang pag-aalaga; sa pangungusap ng isang tao, damdamin niya'y nahahalata.

Huwag mo munang pupurihin ang isang tao hanggang hindi nakapagsasalita, sapagkat doon mo pa makikilala ang tunay niyang puso't diwa.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Salmo 92***

B –Totoong kalugud-lugod ang magpasalamat sa D'yos!

A. Robleza



*** Ang magpasalamat sa Panginoong Diyos ay mabuting bagay, umawit na lagi purihin ang ngalang Kataas-taasan. Pag-ibig n'yang wagas ay dapat ihayag, kung bukang-liwayway, pagsapit ng gabi ang katapatan n'ya'y ihayag din naman.** ***B.***

*** Katulad ng palma, ang taong matuwid tatatag ang buhay, parang mga sedro, kahoy sa Libano, lalagong mainam. Parang punongkahoy na doon natanim sa tahanan ng Diyos, sa banal na templo ito ay lalago na nakalulugod.** ***B.***

*** Tuloy ang pagbunga kahit na ang punong ito ay tumanda, luntia't matatag, at ang dahon nito ay laging sariwa. Ito'y patotoo na ang Panginoo'y tunay na matuwid, siya kong sanggalang, matatag na batong walang bahid dungis.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***1 Cor 15: 54-58***

Sa ating Ikalawang Pagbasa, tinutuya ni San Pablo ang kamatayan. Sa muling pagkabuhay ni Kristo ay nagapi na ang kamatayan. Wala na itong kakayahang igapos ang tao sa kanyang kapangyarihan nang habang panahon. Ang pagwawagi ni Hesus sa kamatayan ay ang pagwawagi rin ng sangkatauhan laban sa kamatayan.

L – Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid, kapag napalitan na ng walang pagkabulok ang nabubulok at napalitan na ng walang kamatayan ang namamatay, matutupad ang nasasaad sa Kasulatan: "Nalupig na ang kamatayan; ganap na ang tagumpay!" "Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?"

Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang lakas ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan. Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo!

Kaya nga, mga kapatid, magpakatatag kayo at huwag matitinag. Magpakasipag kayo sa gawain para sa Panginoon yamang alam ninyong di nasasayang ang inyong pagpapagal para sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Fil 2:15.16***

B – **Aleluya! Aleluya!**
Sa daigdig ay laganap
liwanag na sumisikat
salitang buhay ng lahat.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Lu 6:39-45***

Ang ating Ebanghelyo ay nagtuturo ng tunay na pagmamahal sa kapwa. Ito ay ang paghahangad na bumuti siya at marating ang kaganapan ng buhay. Ang mabungang alagad ni Kristo ay siyang nakatutulong sa kabanalan ng kanyang kapwa, sa pamamagitan ng pagtutuwid sa sarili at sa kanyang kapwa.

P – Sumainyo ang Panginoon!
B – **At sumaiyo rin!**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, tinanong ni Hesus ang mga alagad nang patalinghaga: "Maaari bang maging tagaakay ng bulag ang isa ring bulag? Kapwa sila mahuhulog sa hukay kapag ginawa ang gayon.

Walang alagad na higit sa kanyang guro; ngunit kapag lubusang naturuan, siya'y magiging katulad ng kanyang guro.

Ang tinitingnan mo'y ang puwing ng iyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang tahilan sa iyong mata. Paano mo masasabi sa iyong kapatid, 'Kapatid, bayaan mong alisin ko ang iyong puwing,' gayong hindi mo nakikita ang tahilang nasa iyong mata? Mapagpaimbabaw! Alisin mo muna ang tahilan sa iyong mata, at makakikita kang mabuti; sa gayo'y maaalis mo ang puwing ng iyong kapatid.

Walang mabuting punong-

kahoy na namumunga ng masama, at walang masamang punongkahoy na namumunga ng mabuti. Nakikilala ang bawat punongkahoy sa pamamagitan ng kanyang bunga. Sapagkat hindi nakapipitas ng igos sa puno ng aroma, at di rin nakapipitas ng ubas sa puno ng dawag. Ang mabuting tao ay nakapagdudulot ng mabuti sapagkat tigib ng kabutihan ang kanyang puso; ang masamang tao ay nakapagdudulot ng masama, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso. Sapagkat kung ano ang bukambibig siyang laman ng dibdib."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–** Tayo ay nagpapasalamat sa Amang naghahangad ng kabanalan para sa Kanyang mga anak. Puno ng pagmamahal sa Kanya, dalhin natin ang ating mga pangangailangan at sambitin:

***B* – Amang nagpapabanal, dinggin Mo ang Iyong bayan!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging masigasig sila sa pagtahak sa landas ng pagtutuwid sa sarili at sa daan ng kabanalan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, nawa ay magtulungan sila sa pagtutuwid sa isa't isa nang matamo ang pangarap nilang kaganapan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang mahanap nila ang tamang paraan sa pagtutuwid sa mga kamalian ng ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga taong nababaon sa kasalanan at kasamaan, upang maging bukas ang kanilang kalooban sa pagtutuwid sa kanila ng mga taong nagmamalasakit sa kanilang kapakanan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang maituwid natin ang ating mga sariling kamalian at magtulungan tayo sa pagtutuwid sa isa't isa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng pamilyang hindi nagkakasundo : nawa'y makatagpo sila ng lunas sa kanilang mga sugat sa pamamagitan ng kapatawaran, pagtuklas sa yamang panloob na taglay ng bawa't isa, sa kabila ng kanilang nagkakaibang pananaw, manalangin tayo! ***B.***

***P*–**Ama naming bukal ng kabanalan, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang matukyan namin na ang matuwid na landas ay ang daan ng kaganapan sa buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

***B* – Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–** Ama naming Lumikha, ipinagkakaloob mo ang mga dapat ialay upang aming sambahin ang iyong ngalan. Kaawaan mo kami at pagbigyan upang ang iyong kaloob para kami'y makapaghain ay mapakinabangan bilang pagpapala mo sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo VI

***P*–** Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*–** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos, at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Dahil sa 'yong kabutihan na sa aki'y iyong bigay, D'yos ko, aking aawitan ang iyong dakilang ngalan, Poong kataas-taasan.
(Sal 13:6)

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay iyong kaawaan upang ang aming pinagsaluhan ay magdulot ng aming pakikilahok sa iyong buhay na hindi matatapos. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–**Sumainyo ang Panginoon.
***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B*– Amen!**

***P*–**Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
***B*– Salamat sa Diyos!**

PUNO NG BIYAYA; HITIK NG BUNGA!

Kalakbay at Katoto

Marami sa atin ay wala nang karanasang mamitas ng bunga mula sa puno. Ang nakikita nating prutas ay pawang nakabalot na sa *plastic,* at nakalagay sa *styrofoam.* Pinupulot sa estante, hindi pinipitas sa sanga ng punong hitik na hitik sa bunga.

Subali't alam nating lahat na kasama sa kasarapan ng pagkain ng prutas ang pagsisikap na maakyat, makuha, at mapitas ang masarap na bungang kahoy na tamang-tama ang pagkahinog … hindi maasim, hindi rin mapakla, hindi matigas, at hindi rin halos mabulok na sa kahinugan.

Noong araw, bigo at malungkot ang isang bata na nagsikap, umakyat, naghanap ng bunga, at luhaang bumaba na walang napitas. Batid nating lahat ang kabiguang binabanggit sa Ebanghelyo. At alam nating lahat ang kalungkutang dulot ng pangitaing isang punong malago, malusog, madahon o mayabong, pero sa wakas ay wala ni isang bungang taglay.

Alam nating lahat ang damdaming ito ng kabiguan: sa larangan ng edukasyon … Kulelat na ang Pilipinas sa IQ kumpara sa buong *Southeast Asia.* Sa larangan ng politika … nakikita lang natin ang "bunga" kapag malapit na ang eleksyon. Mga kalyeng kahit hindi naman sira ay inaayos … mga hindi inaasahang "pabigas" (meron nga lamang larawan ng nagbigay!) … mga f*lood control projects* na binabaha lamang ng pondo, pero binabaha pa rin ng tubig … mga simbahang bukas lamang kapag araw ng Linggo, at laging sarado araw-araw liban sa oras ng Misa sa umaga o sa gabi … mga namumunong aligagang-aligaga sa pamumudmod ng ayuda, pero walang ginagawa upang ayusin ang lipunan upang hindi na mangailangan ng ayuda ang mga tao.

Mahaba ang ating listahan. Pero hindi ito ang dahilan kung bakit kayo nagsimba sa araw na ito. Narito kayo sa harapan ng dambanang banal hindi upang humatol, umangal, at magpuyos ng damdamin. **Narito tayong lahat sapagka't meron tayong kayang gawin, sa ganang sarili nating kakayahan.**

Kaya natin 'to! Ang tiyaking tayo ay mga punong malusog, mayabong, at mabunga. Pero hindi ito nakukuha sa paglalagay lamang ng pataba mula sa labas. Ang pagiging mabunga ay hindi

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

nagmumula sa panlabas kundi sa ating panloob … sa ating puso, kaisipan, at mula sa kaibuturan ng ating pagkatao na nilikha ng Diyos ayon sa kanyang wangis.

Pero hindi ito madali. Kelangan tayo dumaan sa bistay o bithay. Kailangan nating masala upang mabuti lamang ang matira sa bistay. Kailangan natin ng kababaang-loob upang tanggapin na tayo rin ay may kailangang bistayin o linisin sa ating sari-sariling buhay. At ano ang bungang hitik na dapat nating pagsikapang mapitas ng kapwa? Una, ang kakayahan nating magpabago sa ating sarili, at ikalawa, ang sapat na pagmamahal at malasakit sa kapwa upang maakay ang nalilisya o naliligaw ng landas sa wastong daang naghahatid sa higit pang mabuti at kaaya-aya.

Panawagan sa atin ngayon ay walang iba kundi ito … ang maging puno, ang maging punong alagad na matapos magdalisay sa sarili, ay nagbubunga nang higit pa, para sa kapakanan ng iba, at kasama rito ang pagtutuwid sa nagkakamali, pag-aakay sa naliligaw ng landas, at paggawa ng mabuti sa kapwa.